BAY AREA AIR QUALITY
MANAGEMENT DISTRICT

## PAHAYAG SA MEDIA

**PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG:** Marso 22, 2023
**MAKIPAG-UGNAYAN SA:** communications@baaqmd.gov

# Distrito ng Hangin, nakipagkasundo sa Recology na magsara ng mga operasyon sa Bayview Hunters Point

*Ang kumpanya ay dapat sumunod sa mga hakbang sa pagkontrol sa alikabok sa aalisang lugar*

**SAN FRANCISCO –** Inanunsyo ngayong araw ng Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area na matagumpay itong nakakuha ng Kasunduan sa Pagwawakas at Pagsasara sa Recology San Francisco, na nagwawakas sa mga operasyon sa Bayview Hunters Point inert-debris-crushing site nito.

Sa pagkilos na ito ay kakailanganin ng Recology na ganap na lisanin ang lugar sa katapusan ng taon at sumunod sa mga karagdagang probisyon sa pagkontrol ng alikabok. Nireresolba rin ng kasunduang ito ang isang kasalukuyang Paunawa ng Paglabag para sa hindi pagsunod sa isang deadline sa permit.

"Ang Distrito ng Hangin ay nagpasyang makipagkasundo sa Recology na suspindihin ang mga operasyon sa Bayview Hunters Point na malinaw na lumalabag sa ating mga tuntunin," pahayag ni Dr. Philip Fine, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. "Ang pagkilos na ito ay pagpapakita ng paninindigan ng Distrito ng Hangin na protektahan ang kalusugan at kapakanan ng mga residente ng Bayview Hunters Point."

Ang Recology ay tumatakbo noon sa isang pasilidad sa Pier 94, Lot 352 sa San Francisco, na dumudurog ng inert debris, gaya ng mga materyales sa konstruksyon at demolisyon, para maging angkop ang mga materyales na iyon para sa pag-recycle at muling paggamit.

Itinatakda ng kasunduang ito ang mga tuntunin ng pagsasara, nireresolba nito ang NOV at ipinag-aatas nito sa kumpanyang sumunod sa mga hakbang sa pagkontrol ng alikabok na higit na mas mahigpit sa ipinag-aatas ng mga regulasyon ng Distrito ng Hangin. Ang kasunduan ay nagtatakda rin ng mga parusang mabilis na bibigat, kung hindi aalis ang Recology sa lugar bago sumapit ang Disyembre 31, 2023.

Ang mga hakbang sa pagkontrol sa alikabok na ipatutupad habang ang lahat ng materyales ay aalisin sa lugar ay kinabibilangan ng paglalagay ng tubig sa mga debris pile, agarang pagtatakip sa mga end-dump trailer pagkapuno gamit ang tarp, limitasyon sa bilis ng trapiko na limang milya kada oras sa lugar, mga limitadong travel lane sa lugar, at pag-stabilize sa mga papasok at papalabas na kalsada para mabigyang-daan ang paglinis sa mga gulong ng trak at para maiwasan ang emisyon ng fugitive dust mula sa mga gulong.

Gagamit ng bakal na rumble rack para magpagpag ng alikabok sa mga gulong ng trak at maiwasan ang track out, at may trak ng tubig na pananatilihing mamasa-masa ang mga daraanan ng sasakyan. Gagamit din ng sweeper truck nang ilang oras sa isang araw, Lunes hanggang Biyernes, sa mga pangunahing daanan.

Ang Distrito ng Hangin ay magpapatupad ng mahihigpit na limitasyon sa mga emisyong nakikitang alikabok at mag-aatas na magpatupad ng mga karagdagang hakbang kung magkakaroon ang pasilidad ng mga paglabag hinggil sa panggugulo sa publiko sa proseso ng pag-aalis ng debris.

Ang Distrito ng Hangin ay nagbibigay ng Mga Abiso sa Paglabag sa tuwing may nalalabag na partikular na regulasyon o panuntunan sa kalidad ng hangin ang mga pasilidad. Kadalasan, kinakailangan ng mga lumalabag na tumugon sa abiso sa loob ng 10 araw at magsumite ng paglalarawan ng mga gagawin nilang pagkilos para maiwasto ang problema. Ang mga pagkilos na ito ay puwedeng kabilangan ng agarang pagpapatigil sa ilang partikular na operasyon o pagbabago sa mga operasyon o kagamitan para makasunod.

Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area ay ang panrehiyong ahensyang responsable para sa pagprotekta sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng Twitter, Facebook, at YouTube.

# # #

*Air District Communications Office*
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*
*Homepage ng Distrito ng Hangin* | *Mga Pahayag sa Media*